Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

FILE COPY
DATE: 6-2

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-26 NG MAYO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | Kagawad |
| Kgg. Louie C. De Leon | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 116-T'99

KAPASIYAHANG TINATANGGAP ANG ALOK NG GOLDEN ARCHES DEVELOPMENT CORPORATION NA MAKAPAGTAYO NG TINDAHAN NG MC DONALDS SA LUPANG PAG-AARI NG PAMAHALAANG BAYAN NA KINATATAYUAN NG PUERICULTURE CENTER NA NASA PANULUKAN NG DAANG B. VALENZUELA AT DAANG P. GUEVARA SA BAYANG ITO.

SAPAGKA'T, binigyang-pansin ng pamahalaang bayan ang pagtatayo ng mga bahay-kalakalan sa bayang ito para sa patuloy na pag-unlad ng bayang ito;

SAPAGKA'T, may alok ang Golden Arches Corporation na makapagtayo ng negosyo sa bayang ito;

SAPAGKA'T, ang naturang alok ay dumaan na sa pagtalakay ng Sangguniang ito;

SAPAGKA'T, matapos na malaman ang mga kapakinabangang maidudulot nito sa pamayanan at kabutihang maibabahagi nito sa pamahalaang bayan ay ipinasya ng Lupon sa Inpraestraktura na irekomendang pagtibayin ito;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. De Leon na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na tanggapin ang alok ng Golden Arches Development Corporation na makapagtayo ng tindahan ng Mc Donalds sa lupang pag-aari ng pamahalaang bayan na kinatatayuan ng Puericulture Center na nasa panulukan ng Daang B. Valenzuela at P. Guevara sa bayang ito.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Golden Arches Corporation, Lungsod ng Makati, Kgg. Sang. Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, at Pambayang Inhinyero, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa Kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan / Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED
BY: ________
DATE ________
STA. CRUZ, LAGUNA